

NASOPHARYNGEAL SWAB

ANO ANG AASAHAN SA ORAS NG IYONG PAGSUSURI

- **Ang Nasopharyngeal (NP) swabs** ay ginagamit upang kolektahin ang sample mula sa bahaging pagitan ng iyong ilong at itaas na lalamunan.
- Ang mga swab na ito ay maaaring gamitin upang suriin ang mga virus (hal., **COVID-19**, flu, RSV) at bakteryas.

BAGO ANG IYONG PAGSUSURI

Sabihin sa tagapagsuri kung mayroon ka ng alinman sa mga sumusunod.

- Mga Problema sa ilong o sinus.
- Kamakailang pinsala o operasyon sa ilong
- Gamot upang palabnawin ang dugo
- Sakit sa pamumuo ng dugo
- Mga tanong tungkol sa pagsusuri


Magsuot ng iyong mask sa lugar ng pagsusuri.

Ang tagapagsuri mo ay magsusuot ng medical mask, guwantes, gown, at face shield.



SA ORAS NG IYONG PAGSUSURI

- Panatilihin nakasuot ng iyong mask hanggang sa sabihin sa iyo ng tagapagsuri na tanggalin ito.
- Gagamit ang tagapagsuri ng mahaba, manipis, at flexible na swab para kolektahin ang sample. Kailangan mong itingala ang ulo mo kung maaari.
- Ipapasok ng tagapagsuri ang swab **sa isang butas ng ilong na tatagos sa likod ng iyong ilong.**



- Ang swab ay **ipapasok sa ilong mo nang 10-15 segundo.** Ipapaikot ng tagapagsuri ang swab.
- Maaaring ipasok ng tagapagsuri ang swab sa kabilang butas ng iyong ilong kung hindi sila nakakuha ng sapat na sample mula sa una mong butas ng ilong.
- Maaaring **di-kumportable** ang pakiramdam mo sa oras ng pagsusuri at maaaring mapaluha ang mata mo, pero hindi ka makakaramdam ng sakit. Ang pagpikit ng mga mata mo ay makakatulong sa di-kumportableng pakiramdam.

PAGKATAPOS NG IYONG PAGSUSURI

- Maaaring di-kumportable ang pakiramdam mo sa iyong ilong. Maaaring dumugo ang ilong mo, subalit hindi ito karaniwan.
- Kung nasuri ka dahil mayroon kang mga sintomas ng COVID-19 o nagkaroon ng close contact sa isang taong may COVID-19, **manatili sa bahay habang hinihintay mo ang resulta.** Ang mga taong nagpositibo sa pagsusuri ay kailangang manatili sa bahay sa loob ng 10 araw pagkatapos magsimula ang mga sintomas o nagpositibo sa pagsusuri (kung walang mga sintomas). **Inirerekomenda ng VDH na ang mga taong nagkaroon ng close contact subalit walang mga sintomas ng COVID-19 ay manatili sa bahay nang 14 na araw pagkatapos ng kanilang huling pagkalantad.** Kung hindi ka mo magawang manatili sa bahay nang 14 araw at wala kang mga sintomas, maaari kang lumabas ng bahay nang mas maaga: 1) bilangin ang petsa ng huling pagkalantad bilang ika-0 Araw, maaari kang lumabas ng bahay pagkatapos ng ika-10 Araw nang walang pagsusuri, o 2) pagkatapos ng ika-7 Araw na may negatibong PRC o antigen test na isinagawa sa ika-5 Araw o pagkatapos. Kung umalis ka nang mas maaga sa bahay, dapat mong bantayan ang mga sintomas mo sa loob ng 14 na araw at laging sundin ang mga rekomendasyon ng pagsugpo sa [COVID-19](#).
- Kung gumaling ka na mula sa COVID-19 o nakumpleto na ang bakuna para sa COVID-19, hindi mo na kailangang manatili sa bahay, subalit dapat mong bantayan ang iyong mga sintomas sa loob ng 14 na araw at patuloy na magsuot ng mask at gawin ang pagdidistansya (na may ilang [eksemasyon sa mga taong nakumpleto na ang bakuna](#)), iwasan ang mga matatao, at maghugas ng iyong mga kamay. Tingnan ang www.vdh.virginia.gov/coronavirus/local-exposure/ para sa karagdagang impormasyon.